islamhouse.com

# Ang Pagkamakumbaba o Kababaang–loob

Ang Pang-kalahatang kard

Ang Pamagat: Ang Pagkamakumbaba o Kababaang-loob
Wika: Tagalog
Maikling Pagkakalarawan: Ang Pagkamakumbaba ay ang kabaligtaran ng pagkamataas, kahambugan o kayabangan at ito ang asal na ipinag-uutos ng Allah at ng Kanyang Sugo na ating dapat angking katangian. Ito rin ay isang mabuti at dakilang katangian sa pagpapalaganap ng Islam sa iba.......
: عربي
Bilang ng pagpapakita ng pahina: 2284
Petsa ng Pagdagdag: Feb 03,2007
Ugnayan : http://www.islamhouse.com/p/5864

**Isinulat ni Ahmed Baguec**Ang Pagkamakumbaba ay ang kabaligtaran ng pagkamataas, kahambugan o kayabangan at ito ang asal na ipinag-uutos ng Allah at ng Kanyang Sugo na ating dapat angking katangian. Ito rin ay isang mabuti at dakilang katangian sa pagpapalaganap ng Islam sa iba.

Ang pinakamabuting pamamaraan upang makamit ang kababaang-loob sa puso ay naitatag sa mga Sunnah ng Sugo ng Allah na siyang nagtakda ng maraming paraan upang turuan ang kanyang mga kasamahan kung paano maging mapakumbaba. Hinihingi namin mula sa Allah na tulungan tayong maging mapakumbaba at manatiling matatag sa landas na ito. Ang mga sumusunod ay ang ilan sa sa mga pamamaraan at gawain upang makamit ang pagkamakumbaba.
1. Pagpapaabot ng As-Salam (As-Salamu Alaykum – Ang kapayapaan nawa'y mapasainyo). Ito ay ang pandaigdigang pagbati ng mga Muslim.

Sinabi ni Abdullah ibn 'Amer na hiningi ng isang lalaki sa Sugo ng Allah, "Alin sa bahagi ng Islam ang nakahihigit?" Sinabi niya (Propeta), "Ang pagbibigay ng pagkain sa mga dukha o maralita, at ang pagpapaabot ng As-Salam (kapayapaan) sa inyong mga kilala at hindi kilala." [Al-Bukhari & Muslim]

Samakatuwid, ang pagpapaabot ng As-Salam sa mga matatanda, kabataan, mayaman, pulubi, marangal, mga karaniwang mamamayan, kamag-anak at dayuhan ay siyang magbubukas sa ating puso upang makamit ang pagkamakumbaba at isara ang pintuan tungo sa pagkamataas at pang-aapi.

2. Ang mga Muslim ay dapat kamuhian ang pagtayo ng mga tao kapag siya'y napadaan sa kanila o sa kanyang pagpasok sa kanilang tahanan o mga tanggapan.

Minsan pumasok si Mu'awiyah bin Abi Sufyan sa isang bahay kung saan si Abdullah ibn Az-Zubair at Abdullah ibn 'Amer ay nakaupo. Si Abdullah ibn 'Amer ay tumayo samantalang si Ibn Az-Zubair ay nanatiling nakaupo. Sinabi ni Mu'awiyah: "O ibn 'Amer! Umupo ka, sapagkat aking narinig na sinabi ng Sugo ng Allah: 'Hayaan ninyo na kung sinuman ang nagnanais na ang mga tao ay tatayo para sa kanila ay kanyang dadalhin kasama ang kanilang mga upuan sa Impyerno." [At-Tirmithi]

Ang Hadith na ito ay nagbabawal sa mga Muslim na magnanais na ang mga tao ay tatayo sa kanila kapag siya'y magkatagpo o kaya'y mapadaan sa kanila. Samakatuwid, ang Hadith na ito ay tinuturuan tayong ihikayat kabutihan at ipagbawal ang kasamaan, sapagkat tinutulan ni Mu'awiyah ang pagtayo ni Abdullah ibn 'Amer para sa kanya.

3. Ang pag-upo kapag may matagpuang puwang. Ang pag-upo sa mga pagtitipon ay isang katangian ng pagpapakumbaba.

Sinabi ni Jabir bin Samurah: "Madalas kaming pumunta sa Propeta SAS at kami'y uupo kapag may puwang."

Iniulat ni Ibn Umar na sinabi ng Propeta SAS: "Wala sa inyo ang magpaalis sa sinuman sa kanyang kina-uupuan at uupo dito. Ngunit (ang mga dati ng naka-upo) ay magbigay ng puwang sa iba (para sa lugar ng mga kararating lamang)." [Al-Bukhari & Muslim]

Ganoon din si Ibn Umar ay madalas iniiwasan ang mga lugar na inalisan ng iba upang bigyan siya ng puwang. Kaya't umupo habang may makitang puwang maging ito man ay sa gitna, gilid o saan mang lugar sa pinagtitipunan. Nararapat lamang na ang mga naunang dumating ay may karapatan sa mga magagandang upuan o lugar sapagkat ang lahat ng mga Muslim mayaman o mahirap ay magkapantay at makakamit ang pagkamakumbaba sa kanilang puso at gawa, sa kapahintulutan ng Allah.

4. Ang pagbabawal sa mga Muslim sa pag-aangkin ng kadalisayan sa kanyang sarili. Sinabi ng Allah:

Kaya't huwag sabihin na ang inyong sarili ay dalisay. Ganap Niyang batid siya na may pangangamba sa Allah at nagpapanatili ng kanyang tungkulin sa Kanya. [Surah 53:32]

Sinabi ni Muhammad ibn 'Amr ibn Ataa' na pinangalanan niya ang kanyang anak na babae ng Barrah (ang siyang Matuwid). Datapwat, sinabi ni Zaynab bint Abi Salamah na ang Sugo ng Allah ay ipinagbawal ang paggamit sa pangalang ito ng pinangalanan siyang "Barrah." Kanyang sinabi: "Huwag ninyon angkinin ang kadalisayan sa inyong sarili. Ang Allah ang nakababatid ng kung sino ang Matuwid mula sa inyo." Tinanong ng mga Sahabah, "At ano ang aming ipapangalan sa kanya?" Sinabi niya sa kanya? He said, "Zaynab." [Muslim]

5. Ang Pagbabawal na harapang Purihin ang isang tao.

Sinabi ni Abu Musa: "Narinig ng Propeta na pinupuri ang isang lalaki ang iba at nagsasabi ng mga magagandang salita tungkol sa kanya habang siya'y kasama nila." Sinabi niya (Propeta), "Binali mo ang likod ng lalaki." . [Al- Bukhari & Muslim]

Sinabi ni Abdur- Ra'hman bin Abi Bakrah na minsan isang lalaki ay nabanggit na kasama ang Sugo ng Allah. Ang ibang lalaki ay nagsabi ng magagandang salita ng pagpuri sa kanya. Sinabi ng Sugo ng Allah:

"Ang hirap sa iyo! Pinugutan mo ang iyong kaibigan. Kung meron man sa inyo ang purihin. Kung nais ninyong purihin ang iba sabihin ninyo sa kanya: "Sa aking palagay siya ay ganito...... at ganyan.... (tungkol sa pupurihing tao), at kapag batid niya na nararapat sa kanya ito, 'At ang kanyang pag-asa ay mula sa Allah," at huwag siyang hayaang magbigay ng anking kadalisayan sa kaninuman." [Al-Bukhari & Muslim]

Ganoon din sa hadith na sumusunod:

Sinabi ni Ibrahim At-Taymi na sinabi ng kanyang ama, "Kami'y nakaupo na kasama si Umar ng may taong pumuri sa isang lalaki na kaharap siya. Sinabi ni Umar, "Pinilay mo siya, nawa'y gawin din ng Allah yan sa iyo." Sa kabilang pagkakataon, sinabi ni Abu Ma'mar na may isang lalaki na tumayo at harapang pinuri ang isa sa mga pinuno, kaya't sinimulan siyang tapunan sa mukha ng buhangin ni Al-Miqdad, at sinabing, "Ang sugo ng Allah ay inutusan kaming magtapon na rin ng buhangin sa mukha ng pumupuri. [Muslim, At-Tirmithi, Abu Dawood & ibn Majah]

Sa mga hadith at kasaysayang ito, ating napag-alaman na ang Sugo ng Allah ay ipinagbabawal ang pagpuri sa iba, lalong lalo na kung ito'y kanyang naririnig. Sapagkat ang mga pagpupuring ito ay maaring sanhi upang maging hambog o palalo ang tao, lalo na kung sila'y may katungkulan o anking yaman. Ang pagpupuring ito ay maaring simula upang maging mapagmataas, at maaring ring dahilan upang maging tamad at bababa ang bilang ng mga mabubuting gawain, sapagkat ang tao ay tuloyang aasa sa mga papuri sa kanya at titigil na sa paggawa ng mga mabubuting gawain.

6. Ang pag-igsi sa haba ng mga damit.

Sinabi ni Ibn Juray bin Sulaiym na sinabi ng Sugo ng Allah:

"Habaan ang mga damit hanggang sa gitna ng inyong binti. Kung hindi niyo nagugustuhan ito ay hanggang sa bukun-bukung ng paa. Samakatuwid, huwag habaan ang mga damit hanggang sa lumampas sa bukong-bukong sapagkat ito ay pagmamataas, at ang pagmamataas ay kinamumuhian ng Allah. [Abu Dawood, At-Tirmithi & Al- Hakim]

Sa hadith na ito, ang Sugo ng Allah ay sinasang-ayunan na ang pagpapahaba ng damit na lampas sa bukong-bukong ay isang gawaing pagmamataas at pagmamalaki, maging ang mga nagsusot ng damit na ganito ay sinasabing sila'y mapagpakumbaba.

Sinabi ni Abu Hurayrah na sinabi ng Propeta SAS:

"Anuman ang nasa ibaba ng bukong-bukong sa paa ay sa Impiyerno." [Al-Bukhari]

Sinalaysay ni Abu Hurayrah na sinabi ng Propeta SAS:

"Sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ang Allah ay hindi titingin sa mga taong madalas hinihila ang kanilang damit (sapagkat masyadong mahaba at lampas sa bukung-bukong ng paa) ng may pagmamataas." [Al-Bukhari & Muslim]

Ang mga hadith na ito ay siyang nagpapatunay na ang pagsuot ng mahahabang pananamit na tinatakpan ang bukung-bukong (sa paa) ay isang uri ng pagmamataas o sa mababang antas ay tungo sa daan nito. Katotohanan, ang pagpapahaba bg damit mula sa gitna ng binti hanggang sa bukung-bukong ng paa ay isang uri ng pagkamakumbaba at tungo sa ganitong katangian, Insha'Allah (sa kapahintulutan ng Allah). Ito ay isa sa mga pamamaraan upang makamit ang katangian ng Pagkamakumbaba. Insha'Allah (sa kapahintulutan ng Allah)

Aming hinihingi mula sa Allah na nawa'y tulungan tayong makamit ang ganitong katangian sapagkat Siya ang Nakababatid, ang tanging sasagot sa ating pagsusumamo. Ameen.